# Gynaecological cancers fact sheet

## Factsheet (Pahina ng Impormasyon)
## Mga gynecological na kanser

### Ano ang mga gynecological na kanser?

Ang mga gynecological na kanser ay mga kanser sa sistema para sa panganganak (reproductive system) ng babae at nangyayari kapag ang mga abnormal na selula ay tumutubo sa paraang hindi makontrol.

### Ano ang iba't ibang uri ng gynecological na kanser?

Ang mga gynecological na kanser ay pinapangalanan batay sa organ o bahagi ng katawan kung saan una silang nabuo, kabilang ang obaryo, matris, cervix, vagina at vulva.

- **Kanser sa obaryo**—nagsisimula sa isa o kapwa obaryo, isang pares ng solido at hugis-itlog na mga organ na gumagawa ng mga hormone at mga itlog (ova).
- **Kanser sa matris**—nagsisimula sa pangunahing bahagi ng matris, isang organ na may guwang na humigit-kumulang kasinlaki at kapareho ng hugis ng isang nabaliktad na peras. Ang matris ay ang lugar kung saan lumalaki ang sanggol kapag buntis ang isang babae.
- **Kanser sa cervix**—nagsisimula sa cervix, ang nasa ibaba at hugis-silindrong bahagi ng matris. Ang itaas na gilid nito ay nakakonekta sa matris, habang ang ibabang gilid nito ay nakakonekta sa vagina.
- **Kanser sa vagina**—nagsisimula sa vagina (na tinatawag ring daanan ng bata (birth canal) isang parang tubong kalamnang lagusan na sumasaklaw mula cervix hanggang sa panlabas na bahagi ng ari (vulva) ng mga babae.
- **Kanser sa vulva**—nagsisimula sa vulva, ang panlabas na bahagi ng sistema para sa panganganak ng babae. Kabilang nito ang puwerta ng vagina, ang panloob at panlabas na mga labi (na tinatawag ring labia minora at labia majora), ang clitoris at mons pubis (ang malambot at matabang umbok ng himaymay, sa itaas ng labia).

Kabilang ng iba pang uri ng mga gynecological na kanser ang kanser sa fallopian tube at kanser sa placenta (kanser na may kaugnayan sa pagbubuntis).

### Ano ang mga sintomas ng gynecological na kanser?

Ang mga sintomas ng mga gynecological na kanser ay depende sa kung saan naroroon ang tumor, sa laki ng tumor at kung gaano kabilis ito lumalago. Kabilang sa mga sintomas na maaaring sanhi ng mga gynecological na kanser ang:

- abnormal o patuloy na pagdurugo ng vagina, halimbawa, pagdurugo pagkatapos ng menopause o iyong hindi bahagi ng mga regla, pagdurugo pagkatapos ng pagtatalik
- di-pangkaraniwang likido na lumalabas mula sa vagina
- pananakit, presyon o kawalang-ginhawa sa tiyan
- pamamaga ng tiyan

- pagbabago sa mga kinagawian sa pagtae o pag-ihi
- masakit habang nagtatalik
- pangangati, paghahapdi o pananakit
- mga bukol, mga singaw o may tumutubong parang mga kulugo

May ilang mga kondisyon na maaaring magdulot ng mga sintomas na ito. Kung nararanasan ang alinman sa mga sintomas na ito, mahalagang talakayin ito sa isang doktor.

## Ano ang mga risk factor (kadahilanan ng panganib) para sa mga gynecological na kanser?

Ang risk factor ay anumang kadahilanan na may kaugnayan sa mas mataas na pagkakataon na magkaroon ng isang partikular na kondisyon ng kalusugan, katulad ng gynecological na kanser. May iba't ibang uri ng mga risk factor, na ang ilan ay maaaring mabago at ang ilan ay hindi.

Dapat tandaan na ang pagkakaroon ng isa o higit pang risk factor ay hindi nangangahulugang magkakaroon ng gynecological na kanser ang isang babae. Maraming babae ang mayroong hindi bababa sa isang risk factor pero hindi sila kailanman magkakaroon ng gynecological na kanser, habang ang ibang taong may gynecological na kanser ay maaaring walang batid na mga risk factor. Kahit na may risk factor ang babaeng may gynecological na kanser, karaniwang mahirap malaman kung gaano kalaki ang naidulot ng risk factor na ito sa pagsisimula ng kanyang sakit.

Habang hindi pa ganap na naiintindihan ang mga sanhi ng gynecological na kanser, may ilang mga kadahilanan na may kaugnayan sa panganib na magkaroon ng isa o higit pang uri ng gynecological na kanser. Kabilang sa mga risk factor na ito ang:

- pagtaas ng edad
- pagkakaroon ng matibay na kasaysayan sa pamilya
- natukoy na mga mutation sa gene
- kasaysayang kaugnay sa panganganak katulad ng pagdadalantao
- pagkalantad sa mga hormone – na ginawa ng katawan o ininom bilang gamot
- pagkalantad sa diethylstilbestrol (DES) habang nasa sinapupunan
- viral na impeksiyon katulad ng human papilloma virus (HPV)
- mga kadahilanang klase ng pamumuhay katulad ng paninigarilyo at iyong nauuwi sa labis na timbang ng katawan.

## Paano nasusuri ang mga gynecological na kanser?

Maaaring sangkot sa pagsusuri sa gynecological na kanser ang ilang mga iksamen, na kabilang ang:

- isang pisikal na iksaminasyon, na kasama ang isang iksaminasyon ng pelvis
- isang Pagsusuring Pag-screen ng Cervix (Cervical Screening Test)
- mga pagsusuri ng dugo katulad ng CA125
- mga pagsusuri ng imahe – na maaaring kabilang ang transvaginal na ultrasound o maaari ring imungkahi ang isang scan ng CT, Magnetic resonance imaging (MRI) o PET na mga scan
- pagkuha ng sampol ng himaymay (biopsy) para sa isang iksaminasyong gagamit ng mikroskopyo.

## Mga opsiyon sa paggamot

Ang paggamot at pangangalaga ng mga babaeng may mga gynecological na kanser ay karaniwang ibinibigay ng isang pangkat ng mga propesyonal para sa kalusugan – na tinatawag na multidisciplinary (maraming iba't-ibang kasanayan) na pangkat.

Ang paggamot para sa mga gynecological na kanser ay batay sa yugto (stage) at uri ng sakit, sa kalubhaan ng mga sintomas at sa pangkalahatang kalusugan ng babae. Karaniwang sangkot sa paggamot ang operasyon upang tanggalin ang tumor sa hangganang maaari, at upang malaman ang yugto nito (kung gaano kalaki na ang ikinalat ng kanser). Ang radiotherapy, chemotherapy, mga hormonal na terapiya, ay maaari ring gamitin.

Patuloy na isinasagawa ang pananaliksik upang makahanap ng mga bagong paraan sa pagsusuri at paggamot ng iba't ibang uri ng kanser. Maaaring alukin ang ilang babae ng opsiyon na sumali sa isang klinikal na pagsubok upang suriin ang mga bagong paraan sa paggamot ng kanilang gynecological na kanser.

## Paghahanap ng suporta

Kadalasang mararamdaman ng mga tao ang pagkalula, takot, pagkabalisa at galit pagkatapos ng diyagnosis ng kanser. Normal na maramdaman ang mga ito.

Napakamahalaga ang pagkakaroon ng praktikal at emosyonal na suporta sa panahon at pagkatapos ng diyagnosis at paggamot ng kanser. Maaaring makakuha ng suporta mula sa pamilya at mga kaibigan, mga propesyonal para sa kalusugan o mga espesyal na serbisyong pansuporta.

Dagdag pa, ang State and Territory Cancer Councils ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa kanser pati na impormasyon tungkol sa mga lokal na dulugan at mga nababagay na pangkat pansuporta.

Ang Cancer Council Helpline ay maaaring mahingan ng tulong kahit saan sa Australia sa pamamagitan ng pagtawag sa **13 11 20** sa halagang katumbas ng lokal na pagtawag sa telepono.

Mas maraming impormasyon tungkol sa paghahanap ng suporta ang matatagpuan sa Cancer Australia na website sa **www.canceraustralia.gov.au**

### Mga Sanggunian


1. National Breast and Ovarian Cancer Centre. Epithelial ovarian cancer. Understanding your diagnosis and treatment (Epithelial na kanser sa obaryo. Pag-unawa sa iyong diyagnosis at paagamot). National Breast and Ovarian Cancer Centre, Surry Hills, NSW, 2008.

2. Abnormal vaginal bleeding in pre-, peri and post-menopausal women. A diagnostic guide for general practitioners and gynaecologists (Abnormal na pagdurugo sa vagina sa mga pre-, peri at post-menopausal na babae. Isang gabay sa diyagnosis para sa mga pangkalahatang doktor at mga gynecologist). Cancer Australia, NSW, 2011.



Kahit pa gumagawa ang Cancer Australia ng mga materyal na batay sa pinakamainam na magagamit na katibayan, ang impormasyong ito ay hindi inilalaan para gamitin bilang kapalit sa isang independiyenteng payo ng isang propesyonal para sa kalusugan. Hindi tinatanggap ng Cancer Australia ang anumang pananagutan para sa anumang pinsala, pagkawala o pagkasira na natamo dahil sa paggamit o pagtitiwala sa impormasyong nilalaman ng dokumentong ito.
© Cancer Australia 2020.